INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 9


# DANAS NG MGA MAG-AARAL NA DUMAAN SA CONTRACT OF ADHESION

**DOI: 10.5281/zenodo.18912578**

**Micky Jean Gacayan**
Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0004-2570-4730 \ gacayanmj27@gmail.com

**Jem A. Almorin**
Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0005-0047-2416 \ almorinjem726@gmail.com

**Jessica C Gurit**
Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0008-0606-5397 \ guritjessica827@gmail.com

**Estella Marie Chan**
Mandaue City College
https://orcid.org/0009-0008-7067-8681 \ stellmarie334@gmail.com

**Abstrak:**

Ang pagkakaroon ng isang mataas at matibay na edukasyon ay isang saligan upang mabago ang takbo ng isang lipunan tungo sa pagkakaroon ng isang masaganang ekonomiya. Ang Contract of Adhesion ay isang sistema ng mga kasunduang laganap sa kasalukuyang panahon lalo na sa mga paaralan sa kolehiyo. Ang pagpapatupad ng kasunduang ito ng paaralan ay isang layunin upang magkaroon ng pagsunod sa legal na pamamahala na kung saan ay kinakailangan sundin ang mga legal na regulasyon at alituntunin ng isang paaralan na may kaugnayan sa edukasyon at ibang mga alintuntunin sa pamamahala ng paaralan. Ang pagkasangkot ng mga mag-aaral sa kasunduang ito ay nangangahulugan lamang na hindi tuwirang nabibigyang pansin ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng edukasyon, may mga salik na nakaka impluwensiya sa kanilang pagkatuto na nagiging dahilan na hindi nagagampanan ang layunin ng pag-aaral.

Keywords: Contract of Adhesion, Danas, Kasunduan, Edukasyon

**Introduksyon:**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang mga karanasan ng mga mag-aaral na dumaan sa isang contract of Adhesion upang makita ang mga sanhi at dahilan kung bakit sila naging bahagi ng kasunduang ito. Nilalayon ng pag-aaral na ito na tuklasin ang iba't ibang karanasan at magbigay ng kamalayan sa mga mag-aaral upang malaman ang mga dahilan sa likod ng pagpapatupad ng kasunduan ng paaralan. Ipinapakita ng pag-aaral na ito ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa kasunduang ito na naglalayong tugunan ang mga isyung kinakaharap. Ang pag-aaral ay naghahanap ng mga posibleng sagot kung bakit sila humantong sa Contract of Adhesion.

Gayundin, may mga agwat sa pag-aaral na ito dahil hindi ito lubusang nasuri o napag-usapan. Samakatuwid, maaaring may iba't ibang mga isyu, hamon, at sanhi na nauugnay sa Kontrata ng Adhesion. Tinututukan ng mga mananaliksik ang mga mag-aaral ng Mandaue City College na nakaranas at dumaan sa kasunduang ito. Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa upang makalikom ng tamang impormasyon tungkol sa mga dahilan sa likod ng pananatili ng mga mag-aaral at ang mga karaniwang salik na nagtulak sa kanila na mapabilang sa kasunduang ito.

Tinugunan ng pananaliksik ang mga agwat sa pamamagitan ng paggalugad sa iba't ibang karanasan ng mga mag-aaral na sumailalim sa Contract of Adhesion kung paano sila napabilang. Sa kabilang banda, tinutugunan din nito ang kakulangan ng kaalaman ukol sa kasunduang ito, na nagbibigay sa mga mag-aaral ng tamang impormasyon at kaalaman tungkol dito upang mas maunawaan nila ang layunin ng kasunduan. Nilalayon ng pag-aaral na ito na ipaalam sa lahat ang Contract of Adhesion at ang kahalagahan nito sa isang organisasyon upang magkaroon ng pagkakaisa.

Sa pamamagitan ng mga karanasang ito, magiging kapaki-pakinabang ito sa mga guro, mag-aaral, at mga mananaliksik sa hinaharap upang malaman nila ang tamang pedagohiya na gagamitin upang maiwasan ang Contact of Adhesion.

1. Paano nakakaimpluwensiya ang personal na karanasan ng mag-aaral sa pagharap ng Contract of Adhesion?
2. Paano nakikita ng mag-aaral ang pagiging patas at transparency ng Contract of adhesion?
3. Ano ang programang naimumungkahi base sa mga temang natuklasan?

Ang pananaliksik na ito ay layung galugarin ang iba't ibang mga karanasan ng mga mag-aaral na dumaan sa isang Contract of Adhesion at sa pamamagitan ng mga natuklasan, ito ay magiging kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral na maiwasan ang pagkasangkot dito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pananaw tungkol sa kahalagahan ng kanilang edukasyon at ang mga posibleng kahihinatnan ng pagkasangkot sa Contract of Adhesion. Pangalawa ay ang mga guro, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang malinaw na pag-unawa sa kung paano ipaliwanag at pamahalaan ang kasunduan, habang ang Dekana ng kursong Edukasyon ang magiging isa na maaaring gumamit ng mga natuklasan o kinalabasan upang matugunan ang mga isyu na nauugnay sa mga mag-aaral na pumirma ng kontrata.

Ang pag-aaral na ito ay makakatulong sa mga tagapayo ng paraalan sa gabay at pagsuporta sa mga mag-aaral na nahihirapan, at ang administrasyon ng paaralan na maaaring magamit ang mga datos na nakalap upang mapagbuti ang pamamahala ng impormasyon na magpatupad ng mga posibleng solusyon. Ang pag-aaral na ito ay maaaring makatulong din sa mga magulang ng mga mag-aaral para maunawaan nila kung ano ang mga kadahilanan o salik na nakakaapekto sa pagganap ng kanilang mga anak sa loob ng paaralan. Maaari rin itong makatulong sa mga mananaliksik sa hinaharap na mapahusay ang kanilang kaalaman at pag-unawa tungkol sa kasunduan sa paaralan na maaaring may pakinabang sa isang komprehensibong pag-aaral tungkol sa Contract of Adhesion.

**Ateoritical na Posisyon**

Napagpasiyahan ng mananaliksik na huwag sumangguni sa anumang teoritikal na balangkas, upang maisulong ang kabuuang pananaw ng isang tao hinggil sa isang partikular na paksa. Pinaglalamanan ito ng mga pangunahing konsepto, prinsipyo at pananaw na nagbibigay paliwanag sa kanilang interpretasyon sa pananaliksik na ito. Sa isang banda ang pag-aaral na ito ay naglalayong siyasatin ang mga tiyak na pag-uugali sa pamamagitan sa pag-aaral ng mga phenomological na pagkakaiba-iba sa ugali, karanasan at pananaw.

**Metodolohiya at Pamamaraan ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay ginagamitan ng Penomenolohiyang Kwalitatibong Pananaliksik, gamit ang deskriptibong disenyo. Ang pang pangunahing layunin nito ay ang pagsusuri ng mga “phenomena” o mga direktang karanasan ng isang tao. Ang Penomolohiya ay naka pukos mula sa mga karanasan ng indibidwal, kabilang na dito ang karanasan nila sa pamilya, kaibigan,

Gumamit ng purposive sampling ang mananaliksik sa pag pinili na tiyak na respondante sa pag-aaral. Kasama sa may layuning sampling ang pagpili ng mga kalahok dahil naniniwala ka na maaari silang mag-ambag ng isang bagay sa iyong pagsusuri. Ang nagpakasunduang bilang ng respondante na sumangguni sa isinagawang pag-aaral ay sampung (10) mag-aaral na opisyal na naka-enroll sa Mandaue City College kung saan isinagawa ang pag-aaral sa taong 2023-2024, na noo’y napapabilang sa Departamento ng Edukasyon na inilipat sa ibang departamento dahil sa Contract of Adhesion.

**Pagsusuri ng Datus**

Gumamit ng Colaizzi Phenomenological Data Analysis, na isang paraan at husay na bilang kilala, mahigpit at lakas nito. Ang pamamaraang Colaizzi ay ginagamit upang manalisa ang mga datos at upang maipaliwanag ang mga phenological na pag-aaral. Ayon kay Wirihana et. Al (2018) ang phenomenological na pamamaraan ng Colaizzi ay maaring magamit nang mapagkatiwalaan upang maunawaan ang mga karanasan ng nga ito. Ito ay maaaring magamit mapatunayang kapaki-pakinabang sa mga mananaliksik sa pagsagot ng kanilang mga katanungan

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 9


**Mga Umusbong na Tema**

May 16 nabuong kahulugan mula sa 121 makabuluhang pahayag ng mga impormante. Ang mga sumusunod ay: Problema sa Pamilya( MP1), Responsibilidad(MP2), Kakulangan sa Atensyon(MP3), Problema sa Pinansyal(MP4), Pagsasarili ng Problema(MP5), Pamamaraan ng Guro(MP6),Pagkatakot sa Guro(MP7), Hindi Pagiging Sapat na Kakayahan(MP8), Pakikitungo ng mga Kaklase(MP9), Ang Hindi Pagkabilang sa Klase(MP10), Kompetensya ng mga Kaklase(MP11), Interaskyon sa Loob ng Silid Aralan (MP12), Opsyon lamang ang Edukasyon(MP13), Pagkahindi Gusto sa Kurso(MP14), Pagtanggap sa Pagbabago(MP15), Patnubay ng Departamento(MP16)

Mula sa 26 na bumalangkas na kahulugan na iyon, mayroong 5 nakumpol na tema ang nailikha. Ang mga sumusunod ay: Problema sa Pamilya (KP1) , Pamamaraan ng Guro (KP2), Pakikitungo ng mga kaklase (KP3), Opsyon lang ang kursong Edukasyon (KP4), Patnubay ng Departamento KP5).

**Tema 1: Problema sa Pamilya**

Ang problema sa pamilya ay ang karaniwang kadahilan ng mga mag-aaral sa hindi pagkamit ng mga pangarap nila sa buhay. Ito rin ay maaaring maging dahilan ng kawalan ng pagtitiwala sa kanilang sarili dahil sa kulang na suporta galing sa pamilya.

"Minaliit ako ng mga magulang ko madali lang daw ang Flipino pero bakit hindi padaw ako nakapasa"- **Arika, line109**

Ang hindi pagsuporta nang magulang sa kakayahan nang kanilang anak ay nagdudulot nang negatibong epekto sa pag-uugali at karanasan nang mag-aaral. Maaaring magtulak ito sa paraang kawalan nang pagtitiwala nang isang mag-aaral sa sariling kakayahan sa mga bagay.

**Subtema 1.1: Responsibilidad**

Ang pagkakaroon nang responsibilidad sa pamilya ay isang gampanin nang bawat isa na kailangan gawin at pagtuonan nang pansin ngunit ang pagkakaroon nito kasabay sa pag-aaral ay maaaring maging balakid na magampanan ang responsibilidad bilang isang mag-aaral kung saan makakaligtaan ang mga aktibidad sa paaralan o maging atensiyon sa pag-aaral.

"Noon, full time work kaya nahihirapan ako mag adjust, lalo na pinutulan kami ng kuryente noon, kaya nagsumikap na maka charge at makapasok sa online class."- **Breadwinner, line 29**

**Subtema 1.2:Kakulangan sa Atensyon**

Ang pagbibigay atensyon ng magulang sa kanilang mga anak ay nakapagbibigay ng kalinga at gabay sa mga anak upang magtagumpay, magkaroon ng masayang emosyon at magandang kinabukasan.

"Nakulangan ako sa pansin ng magulang ko parang nawalan ako ng pag-asa."- **Avasa, line 93.**

Ayon kina (Bower & Griffin, 2011) ang pagsuporta ng magulang ay maraming positibong epekto sa mag-aaral o sa kanilang anak, higit pa sa kanilang akademiks o pag-aaral tulad nalang ng pagtaas ng kanilang tiwala sa sarili at pagpupursige sa kanilang mga ginagawa.

**Subtema 1.3: Problema sa Pinansyal**

Ang problem sa pinansyal ay maaring maging sanhi ng pagkababa ng kalidad sa edukasyon ng mga mag-aaral sapagkat sila'y mapipilitang magtrabaho habang nag-aaral upang matugunan ang kanilang pangangailangan na nagiging dahilan sa pagkawala ng oras sa pag-aaral at mga gawain.

"Noong panahon ng pandemic mahirap at marami part time na pinasukan kaya nahihirapan akong makapsok sa online class." **– Breadwinner, line 35**

. Nagkakaroon nang agwat sa mga gawain na hindi na matutugunan nang maayos nang mag-aaral ang kaniyang pag-aaral na naging sanhi sa pagkakaroon nang mababang marka sa klase.

**Subtema 1.4: Pagsasarili ng Problema**

Ang pagsasarili ng Problema ay maaaring isang mahalagang aspeto ng buhay upang umunlad at matuto sa sarili ngunit kailangan na ito'y balanse upang hindi maging sanhi ng pagkadismaya at kawalang gana sa buhay.

"Hindi ko masasabi sa pamilya dahil ayaw ko na madismaya sila, sa kapatid ko nalang pinaalam." **– Diligent, line 72**

May mga pagkakataon na mas pipiliin nang mag-aaral ang pagsasarili ng mga problema kung saan layunin nang mga ito na iwasang madismaya at mawalan nang tiwala ang kanilang magulang sa kanilang kakayahan.

**Tema 2: Pamamaraan ng Guro**

Ang pamamaraan ng guro ay tumutukoy sa mga estratehiyang ginagamit ng guro sa pagbabahagi ng kanyang mga kaamalan at pamaraan sa paglinang at pagpapalawak sa isip ng mga mag-aaral.

"Mga stratehiya nila dati ay may nagtuturo ng maayos, pinapaliwanag ng maayos, nagbibigay halimbawa. May guro rin siguro na naging dahilan na bumagsak ako, dahil hindi siya nagbibigay ng mga tala habang nagtuturo, kami pa ang maghahanap sa kaniyang tinuturo"- **Derica, line 81.**

Ayon kay Lewis (1952), ang maling pamamaraan at di-pagkakaunawaan ng guro sa mga mag-aaral ay humahantong sa kabiguan ng epektibong pagharap at hindi produktibong resulta ng pagkatuto ng mag-aaral. Ang maling komunikasyon at kawalan ng tamang pagtuturo ay maaaring humantong sa pagkabigo sa pakikitungo sa komunikasyon at paggabay sa kanila na matuto mula sa guro.

**Subtema 2.1**

**Pagkatakot sa Guro**

Ang pagkatakot sa loob ng isang silid aralan ay siyang natural na emosyong mararanasan ng isang mag-aaral na maaaring magdulot ng negatibong epekto sa karanasan ng pag-aaral ng mag-aaral.

"Masasabi kong nakakatakot at suplada yung guro, grabe mangdismaya sa mag-aaral ata parang nakaapekto ng kaunti dahil may mga oras na takot akong pumasok sa klase niya."- **Arika, line 114.**

**Subtema 2.2**

**Hindi Pagiging Sapat ng Kakayahan**

Ang paggawa sa iyong lahat nang makakaya at hindi parin naging sapat ay nagbibigay ng negatibong epekto sa mag-aaral na naghahatid sa pagkadismaya at pagkawalang gana sa pag-aaral.

"Noong una akala ko kaya ko, peru hindi pala."- **Avasa, line 99.**

Ayon nga sa nakalap ng mananaliksik na may kaugnayan dito kay Kuh G D. (2009), ang oras at pagsisikap ng mga mag-aaral na iniukol sa mga aktibidad na empirikal na nauugnay sa ninanais na mga resulta ng kolehiyo at ano ang ginagawa ng mga institusyon upang mahikayat ang mga mag-aaral na makisali sa mga gawaing ito. Ang oras at pagsisikap ng mga mag-aaral sa mga gawain ay nakaugnay sa kanilang nais na resulta sa pamamagitan ng kung ano ang kanilang nilalahok at ginagawa sa pag-aaral.

**Tema 3**

**Pakikitungo ng mga kaklase**

Ang relasyon sa loob ng silid aralan ay isang aspeto sa pagkakaroon ng isang matibay na pundason sa bawat mag-aaral na nagbibigay inspirasyon upang magpursige sa pag-aaral.

"Hindi ko masasabing mga kaklase ko ang dahilan, dahil nagtutulungan at nila ako, hindi seguro para sa akin ang pagiging guro kaya innilipat ako ng ibang departamento."- **Derica, line 79.**

Wang et al. (2019) na pananaliksik ay nag-iimbestiga kung paano naiimpluwensyahan ng mga panlipunang relasyon sa paaralan, tulad ng mga pakikipag-ugnayan sa mga kaklase, ang akademikong tagumpay. Iminumungkahi nito na ang pagpapaunlad ng mga positibong pakikipag-ugnayan at pakikipag-ugnayan sa mga kaklase ay maaaring magkaroon ng magandang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

**Subtema 3.1: Ang Hindi Pagkabilang sa Kaklase**

Ang pakiramdam na hindi kasapi ay isang sanhi ng pagkakaroon ng negatibong aspeto sa pagkatotoo ng mag-aaral.

"Naiilang ako na tila ba'y hindi ako kabilang, walang gustong makipagkaibigan."-**Introvert, line 25.**

May mga mag-aaral na sadyang mahiyain at madalang makihalubilo sa iba. Hindi rin maiiwasan ang isiping ikaw ay hindi tanggap at nabibilang sa kanila.

**Subtema 3.2: Kompetensya ng mga kakalse**

Ang isang kompetesyon nagaganap sa loob ng silid aralan ay maaaring manghikayat ng mga mag-aaral na magpakita ng mahusay na kakayahan. Gayun paman ay maaari rin itong magdulot ng posibleng pagkahirap at labis na stress sa mag mag-aaral.

"Ramdam kong may pakikipagkompetensiya at inggit kaya hindi ko gusto paligid ko.."- **Arika, line 113**

Ayon kay Gallaroza (2014) na natuto nang mabilis ang mga mag-aaral at tumataas ang kanilang mga marka sa tuwing nararamdaman nila na ang mga tao sa paligid nila ay mapagkatiwalaan at panatag. Mas natutoto at nakakapag-aral ng maayos ang mga mag-aaral kung alam nilang maayos at katiwala tiwala ang kanilang paligid, nakakatulong itong hindi makasagabal sa kanilang pagkatuto o pag-aaral.at makakapagtiwalaan ang kanilang paligid nakakatulong itong hindi makasagabal sa kanilang pagkatuto o pag-aaral.

**Subtema 3.3: Interaksyon sa Loob ng Silid Aralan**

Ang interaksyon sa loob ng silid aralan ay nagiging daan sa pagbuo ng relasyon sa mga kaklase at nagpapalakas ng kanilang pag-unlad sa akademiko na nagbibgay tulay sa kanila upang magpursige sa edukasyon at buhay.

"Komunikasyon sa mga mag-aaral dahil hindi pa gaanong malapit sa isa't isa."- Avasa

Ayon kina Dougherty at Andercheck (2014), ang mas malakas na pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral na konektado sa mas mataas na antas ng pag-aaral at mababang antas ng pag-alis sa paaralan. Bukod dito, ang komunikasyon ay nagbibigay-daan sa pagpapalitan ng impormasyon at ideya, na naglalagay sa mga mag-aaral sa isang kapaligiran kung saan ang iba ay mayroong mataas na pagkakataon upang matuto at magtagumpay.

**Tema 4: Opsyon lamang ang kursong Edukasyon**

Ang pagiging opsyon ng isang kurso ay nagbibigay daan sa kanila na magkaroon ng malawak na pagpipilian atmas malalim na kaalaman at kasanayan sa kurso. Ito rin ay nagbibigay daan upang matukoy ang propesyong nakalaan.

"Nakatulong talaga sa akin, dahil masasabi ko na nag tagal ako sa business na para sa akin, masasabi ko na ito na talaga ang programa na pagtataposan na walang sagabal at problema" – **Derica, line 85.**

Ayon nga kay Okolie (2022) na sumasang-ayon sa mungkahi nang impormante na mas pinagbubutihan nang mag-aaral ang kaniyang pag-aaral kung ito'y nasisiyahan sa piniling akademiko at kursong kinuha kung saan malayang nauunawaan nang mag-aaral ang mga mahahalagang bagay na nauugnay sa kursong kinuha.

**Subtema 4.1:Pagkahindi Gusto sa Kurso**

Ang hindi pagkagusto sa isang kurso ay maaaring magdulot ng kawalan ng mobitasyon sa mag-aaral gayung hindi naman nais ng kanyang puso ang kursong kinuha.

"Hindi ko talaga gustong maging guro, Social Welfare talaga ang gusto ko pangalawa ay business. Parang may Social Welfare sa MCC noon peru parang tinaggal nila agad kaya naiisp ko na magpa-enroll nalnag sa edukasyon, hindi na pumasok sa isip ko na magbusiness." – **Arika, line 118.**

Ayon kay Brice (2019) na mahalaga bago pumili ng kursong pag-aaralan, maaari mong timbangin ang iba't ibang salik nakasangkot sa pagpili ng tamang kurso, ngunit habang nararanasan nila ang yugto sa paggawa ng desisyon maaari silang magduda, pagdadalawang isip, at pagdagsa ng labis na emosyon.

**Subtema 4.2: Pagtanggap sa Pagbabago**

Pagbabago ng kurso ay isang mahalagang desisyon na dapat pag-isipan at kinakailangang bukal sa puso.
"Maraming pagbabago na kailangan isaayos, na para ba akong bumalik sa umpisa."- **Arika, line 117**

**Tema 5: Patnubay ng Departamento**

Ang pagkakaroon ng pamantayan ng isang departamento ay isang kasunduang ng paaralan at mag-aaral at nilalayon na magkaroon ng pagsunod sa legal na pamamahala na kung saan ay kailangan sundin ang legal na regulasyon at alituntunin ng isang paaralan na may kaugnayan sa edukasyon at ibang mga alintuntunin sa pamamahala ng paaralan.

"Hindi dahil hindi sukatan ang Contract of Adhesion para malaman ang kagalingan ng isang tao" – **Introvert, line 29.**

**Konklusyon:**

Sa pananaliksik, ang naging mga resulta kalakip sa kanilang mga karanasan kung bakit nagkaroon sila ng Contract of Adhesion ay naibahagi ng impormante. Ang mga negatibong danas ng mag-aaral ay nagdudulot sa kanila ng kawalan ng ganang pumasok sa paaralan, problema sa kanilang pamilya, problema sa pamamaraan kung paano magturo ang kanilang guro at maging problema sa kanilang mga sarili, hindi makapasok sa paaralan dahil part time ang estudyante.

Makikita sa resulta ang mga naging danas ng mag-aaral sa pagkaroon ng Contract of Adhesion na mas nakakabuti sana sa kanila upang mag-udyok na mag-aral nang mabuti dahil napag-alaman nila na kapag hindi nakuha ang hinihinging marka ay magkaroon sila ng Contract of Adhesion.

**Rekomendasyon:**

Naging basehan ng mga sumusunod na rekomendasyong naimungkahi ng mananalaksik ay ang mga resulta ng nakalap na datos mula sa panayam ng mga piling mag-aaral na nakaranas ng Contract of Adhesion. Ang mga rekomendasyong ito ay sumailalim sa mabuting pagsusuri upang matiyak na talagang matutugunan at mabigyang aksiyon ang mga pangangailangan na nakabasi sa resulta. Iilan sa mga rekomendasyong ito ay pagkakaroon ng bukas na pasilidad para sa pagpapayo ng School Guidance sa lahat ng mag-aaral. Kabilang din dito ang pakikilahok ng magulang, oryentasyon sa lahat ng gurong tagapagpayo at pagkakaroon ng isang oryentasyon para sa lahat mag-aaral sa departamento ng

edukasyon. Ang inirekomenda na solusyon na programa ay magsisilbing gabay sa pagpapatuloy ng pag-usbong ng edukasyon.

**Sanggunian:**

Application of Colaizzi's method of data analysis in phenomenological research. (2021). MedicoLegalUpdate.https://doi.org/10.37506/mlu.v21i2.2800

Bower, H., & Griffin, D. (2011). Can the Epstein Model of Parental Involvement Work in a High-Minority, High-Poverty Elementary School? A Case Study. Professional School Counseling, 15(2), 77–87. https://doi.org/10.5330/psc.n.2011-15.77

Clavero, A., Garcia, HF., Narvaez, A., Landicho, L., Alfonso, C., Valerde, N., Lee, J., Jesus, KD., Ebedine, DB., (2022), Ang Epekto Ng Pandemia Sa Kalusugang Pangkaisipan Ng Mga Mag-Aaral Sa Senior High Sa Isang Pribadong Unibersidad Sa Lungsod Ng Maynila.Asia of Pacific Journal of Management and Sustainable Development Vol 10. No 3, pp 175-125. doi:10.13140/rg.2.2.13722.72642

Dang, Emmanuel & Bulus, E. (2015). THE IMPACT OF FINANCE ON THE ACADEMIC PERFORMANCE OF SECONDARY SCHOOL STUDENTS IN AKWANGA LOCAL GOVERNMENT OF NASSARAWA STATE, NIGERIA. Journal of Social Science and Public Policy. 7. 44-54.

Linzer, P. (2008). Implied, inferred, and imposed: default rules and adhesion contracts – the need for radical surgery. Pace Law Review, 28(2), 195. https://doi.org/10.58948/2331-3528.1087

Lewis, M. M. (1952). Communication and Education (Vol. I). British Journal of Educational Studies. Published by: Taylor & Francis, Ltd. on behalf of the Society for Educational Studies https://www.jstor.org/stable/i356742

Macario, D., Macario, NG., (June 2023). Kapaligirang pampagkatuto, klimang Pangklasrum at perfromans sa filipino ng mga mag-aaral sa grado 11. International Research Journal of Pharmacy 1(2):213-229DOI:10.5281/zenodo.8031997

Mesa, A., (April 2022). Pinagdaanang karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng deficiency sa online class. International Journal of Research Studies in Education Volume11 Number 10, 81-88.DOI:10.5861/ijrse.2022.824

Norazlan, N., Yusuf, S., Al-Majdhoub, F.,(December 2020). The financial problems and academic performance among public university students in malaysia. The Asian Journal of Professional & Business Studies Vol 1, Ed. 2. e-ISSN 2716-666X. DOI:10.61688/ajpbs.v1i2.52

Okolie, U. C., Elom, C. O., Abonyi, S. O., Ekeh, D. O. & Umoke, C. C. (2023). Students' satisfaction with their academic majors and study commitment: The mediating role of academic psychological capital. Psychology in the Schools., 1-13. https://doi.org/10.1002/pits.22896

Shaked, H., & Schechter, C. (2013). Seeing wholes: The concept of systems thinking and its implementation in school leadership. International Review of Education, 59(6), 771–791. https://doi.org/10.1007/s11159-013-9387-8

Wang, R., Chen, F., Chen, Z., Li, T., Harari, G., Tignor, S., Zhou, X., Ben-Zeev, D., & Campbell, A. T. (2014). Studentlife: assessing mental health, academic performance and behavioral trends of college students using smartphones. In and Ubiquitous Computing (pp. 3–14). ACM. Proceedings of the 2014 ACM International Joint Conference on Pervasive

Wirihana, L., Welch, A., Williamson, M., Christensen, M., Bakon, S., & Craft, J. (2018). Using Colaizzi's method of data analysis to explore the experiences of nurse academics teaching on satellite campuses. Nurse Researcher, 25(4), 30–34. https://doi.org/10.7748/nr.2018.e1516